


# Filipino

## Ikalawang Markahan – Modyul 8: Pagsasabi ng Paksa o Mahalagang Pangyayari sa Binasang o Napakinggang Sanaysay at Teksto



**Filipino – Ikaanim na Baitang**

**Alternative Delivery Mode**

**Ikalawang Markahan – Modyul 8: Pagsasabi ng Paksa o Mahalagang Pangyayari sa Binasang o Napakinggang Sanaysay at Teksto**

**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

<b>Manunulat:</b>	Noe B. Bebita	
<b>Editor:</b>	Gemma B. Obsiana	
<b>Tagasuri:</b>	Catherine D. Diaz	Junry M. Esparar
	Celestino S. Dalumpines IV	
<b>Tagaguhit:</b>		
<b>Tagalapat:</b>	Raymund D. Magbanua	Paul Andrew A. Tremedal
<b>Tagapamahala:</b>	Gemma M. Ledesma	
	Salvador O. Ochoa, Jr.	
	Elena P. Gonzaga	
	Donald T. Genine	
	Celestino S. Dalumpines IV	
	Segundina F. Dollete	
	Shirley A. De Juan	
	Merlie J. Rubio	

**Inilimbag sa Pilipinas ng Department of Education – Region VI**

Office Address : Duran Street, Iloilo City

Telefax : (033) 336-2816 (033) 509-7653

E-mail Address : region6@deped.gov.ph

# **Filipino**

**Ikalawang Markahan – Modyul 8:  
Pagsasabi ng Paksa o Mahalagang  
Pangyayari sa Binasang o  
Napakinggang Sanaysay at Teksto**

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## Alamin



**K**umusta ka na kaibigan? Naalala mo pa ba ako? Ako ang iyong kaibigang si Kokoy na makasasama mo muli sa iyong paglalakbay. Binabati kita dahil natapos mo ang ikapitong modyul. Ipagpatuloy natin ang ating paglalakbay sa ikawalong modyul.

Nakahanda ka na ba sa panibagong paglalakbay? Sigurado ako na magiging masaya ka dahil mag-uusap tayo tungkol sa pagsasabi ng paksa tungkol sa mahalagang pangyayari sa binasa o napakinggang sanaysay o teksto. Alam kong kayang-

**P**agmasdan mo ang iyong paligid. Pakinggan mo sa radio at panoorin sa telebisyon ang balita tungkol sa mga isyung kinahaharap ng ating bansa.

Kaibigan, ano ang masasabi mo tungkol dito? Ano ang kaya ang paksa ng iyong napakinggan at napanood?

Sa modyul na ito, pagkatapos ng aralin ikaw ay inaasahang taglay ang kasanayang:

- nasasabi ang paksa/mahalagang pangyayari sa binasang/napakinggang sanaysay at teksto. **(F6RC-IIb-10)**

**P**aalala lang kaibigan na bawat bahagi ng modyul na ito ay nagtataglay ng mga gawain na susubok sa iyong kakayahan. Huwag kang mag-alala dahil naririto naman ako na nakahandang gumabay sa iyo. Sundin mo lang ang aking mga panuto at gawaing ipapagawa.



## Subukin

**Panuto:** Basahin at unawain ang teksto at saguti ang mga kasunod na tanong sa inyong papel.

### **Banta ng COVID-19**

*Sariling katha ni Catherine D. Diaz*

Buwan ng Marso, 2020 nang magkaroon ng *Enhanced Community Quarantine* dahil sa paglaganap ng *Coronavirus* o *COVID-19*. Malaking banta ang sakit na ito sa kalusugan ng lahat dahil ito ay nakamamatay. Nakahahawa o naipapasa ang sakit na ito kaya kailangang proteksiyunan, ingatan at alagaan ang sarili.

Ang mga taong positibo sa COVID -19 ay nahihirapan sa paghinga, may sintomas na lagnat, pamamaga ng lalamunan, ubo at pananakit ng katawan. May mga positibo rin sa sakit na ito na hindi kinikitaan ng sintomas o ang tinatawag na *asymptomatic*.

Proteksiyunan natin ang sarili at komunidad sa COVID-19. Para maiwasan ang sakit na ito, ugaliing maghugas ng kamay nang madalas gamit ang sabon at tubig, magsuot ng *facemask* pag nasa labas ng bahay, takpan ang bibig kapag umuubo o bumabahing. Panatilihin din ang *social distancing* at kalinisan. Sundin natin ang mga tagubiling ito para maging ligtas tayo sa banta ng COVID-19.


### **Mga Tanong:**

1. Ano ang paksa ng binasang teksto?
2. Anu-ano ang sintomas ng COVID-19?
3. Paano mapangangalagaan ang sarili at komunidad laban sa COVID-19?
4. Bakit mahalaga ang pagsunod sa mga tagubiling o patakaran na ipinatutupad tungkol dito?
5. Para sa iyo, magmungkahi ng iba pang pamamaraan para makaiwas sa mapanganib na sakit na ito.

**Aralin**

**1**

# **Pagsasabi ng Paksa o Mahalagang Pangyayari sa Binasang o Napakinggang Sanaysay o Teksto**



## **Balikan**

**Panuto:** Basahin ang sumusunod at sagutin sa iyong sagutang papel ang kasunod na mga tanong sa ibaba.

### **Mga Bagong Kaibigan**

*Sariling Katha ni Gemma B. Obsiana*

Masayang nagkukuwentuhan ang magpipinsang Bert, Sammy at Lily sa may bakuran nang may dumating na panauhin. “*Magandang umaga, nariyan po ba si Aling Soning?*,” tanong ng bagong dating. “*O, Bert, hinahanap ang Tiya Soning,*” sabi ni Lily. Napakamot ng ulo si Bert dahil nasa kasarapan siya ng pagkukuwento, ngunit wala itong nagawa kundi tumayo para tawagin ang kaniyang nanay na nasa kusina. Nang bumalik ito ay kasama na si Aling Soning. “*Nanay siya po ang naghahanap sa iyo,*” sabay talikod para muling bumalik sa mga pinsang kakuwentuhan.



“*Magandang umaga po Aling Soning. Ako po si Michael, ang anak ng kaibigan ninyong si Sandra na nasa Saudi. Nagpadala po ng package ang nanay at itinawag niya sa amin na ihatid ang regalo niya sa iyo para sa kaarawan mo po sa susunod na buwan,*” pahayag ni Michael.

“*Naku! talagang hindi nakalilimot ang nanay mo. Ikaw pala si Michael. Palaging si Karla ang naghahatid ng padala ni Sandra, kaya hindi kita nakilala, pero madalas kang ikuwento sa akin ng nanay mo. Natutuwa ako dahil mababait ang mga anak*”

ni Sandra. Maraming salamat sa paghatid mo nito Michael. Matalik na magkaibigan kami ng nanay mo mula pa noong mga bata pa kami,” wika ni Aling Soning. “Oo nga raw po sabi ni nanay. Ibinilin nga niyang dalaw-dalawin kayo rito,” pagsang-ayon ni Michael.

“Talagang napakabait at maalalahanin iyang nanay mo. Halika, ipakikilala kita sa anak ko at mga pinsan niya. Nagkakatuwaan ang mga iyon”, sabi ni Aling Soning. “Bert, ito pala si Michael anak ni Tita mo Sandra. Michael sila naman sina Lily at Sammy, mga pamangkin ko at pinsan ni Bert,” pagpapakilala ni Aling Soning. “Ikinagagalak ka naming makilala Michael,” panabay na wika ng magpipinsan. “Halika Michael, sali ka sa kuwentuhan namin. Kuwentuhan mo muna kami tungkol sa iyo para mas makilala ka namin, okey ba?” tanong ni Lily. “Aba, oo naman,” masayang tugon ni Michael. “Kung gayon, maiiwan ko na muna kayo. Michael, makipagkuwentuhan ka muna sa kanila. Dito ka na rin mananghalian total malapit ng tumanghali,” paanyaya ni Aling Soning sabay pasok sa kusina. “Oo nga Michael. Dito ka na mananghalian dahil tiyak masarap ang niluluto ni nanay,” nakangiting sabi ni Bert. “Maraming salamat sa paanyaya ninyo,” tugon ni Michael.

### Mga tanong:

1. Ano ang paksa sa binasa?
2. Saan nangyari ang kuwento? Ilarawan ito.
3. Sino-sino ang mga tauhan sa kuwento? Ilarawan ang bawat isa.
4. Ano ang naging damdamin ni Aling Soning sa laging pag-alala at hindi paglimot sa kaniyang kaarawan ng kaniyang kaibigan?
5. Ilarawan ang damdamin ni Michael sa pagkakaroon ng mga bagong kaibigan?



**M**agaling! Upang lalo mo pang mapagyaman ang iyong kaalaman kaugnay sa paksang tatalakayin, maghanda ka at tuklasin ang tungkol sa: Pagsasabi ng Paksa o Mahalagang Pangyayari sa Binasang o Napakinggang Sanaysay at Teksto.

Sige, simulan mo na!





## Tuklasin



**S**a araw – araw nating pakikisalamuha sa ating kapwa, tayo ay hindi nauubusan ng mga paksang mapag-uusapan.

Masayang makipagkuwentuhan lalo pa't ito'y mga tunay na karanasan natin o kaya'y mga nababasa rin sa mga paborito nating aklat. Ang pagsasabi ng paksa o mahalagang pangyayari sa binasang o napakinggang sanaysay at teksto ay isang kasanayang kailangan nating pagyamanin.

**M**agbabasa tayo kaibigan! Humanap ka ng iyong kasama sa bahay na magiging kasama mo sa pagbabasa at habang binabasa ito unawain mong mabuti. Pagkatapos ay sasagutin mo ang mga tanong kaugnay dito. Simulan mo na!

Ang paghahalaman ay isang sining ng pag-aayos at pagtatanim ng mga halaman tulad ng *ornamental*, gulay at punongkahoy. Isa itong kawili-wiling gawain. Nagbibigay din ito ng bitamina at mineral sa katawan. Gayundin, maaari itong mapagkakitaan para sa pang araw-araw na pangangailangan ng pamilya.

Ang pagtatanim ng halaman at gulay ay nakatutulong din sa pagpapaganda sa kapaligiran at pagsugpo ng polusyon. Ang punongkahoy ay nagbibigay ng lilim. Nakalilibang ito at nakaaalis ng stress at suliranin.

Nakatutulong ang paghahalaman hindi lamang sa kabuhayan ng mag-anak kundi pati na rin sa programa ng pamahalaan tungo sa pagpapaunlad ng ekonomiya ng bansa.

*Sarilina katha ni Noe B. Bebita*

**Panuto:** Sagutin ang sumusunod na tanong.

Isulat sa sagutang papel ang iyong sagot.

1. Ano ang paksa sa binasang sanaysay?
2. Bakit sinasabing ang paghahalaman ay isang **sining ng pag-aayos at pagtatanim ng halaman?**
3. Ano-ano ang kabutihang dulot ng paghahalaman?
4. Paano nakatutulong sa kabuhayan ang paghahalaman?
5. Sang-ayon ka ba sa mga sinasabi o nais ipabatid sa binasang sanaysay? Bakit?



## **Suriin**



**P**aano matutukoy o masasabi ang paksa at mahahalagang detalye o pangyayari tungkol sa binasa?

Halika, unawain ang talakay.

Balikan natin ang ilan sa iyong mga sagot sa mga tanong sa itaas.

### **Ano ang paksa sa binasang sanaysay?**

Mahusay! Ang paksa sa binasang sanaysay ay ang paghahalaman bilang isang sining ng pag-aayos at pagtatanim ng halaman.

### **Paano mo tinukoy ang paksa sa binasang sanaysay?**

Tumpak! Binasa mo muna ang kabuoan ng sanaysay at sinuri kung ano ang pinakapinag-uusapan sa teksto.

### Ano ba ang paksa?

Ang paksa ay ang pangunahing pinag-uusapan sa isang akda gaya ng kuwento, sanaysay, balita, talumpati at iba pang kaugnay na tekstong maaaring nabasa, napakinggan o napanood. Ito ang pinakatuon o sentro sa akda. Isang mahalagang kasanayang dapat matutuhan ang pagtukoy at pagsabi ng paksa sa binasa, pinakinggan, o pinanood dahil nililinang nito ang ating mapanuring pag-iisip.

### Ano naman ang kabutihang dulot ng paghahalaman?

Magaling! Ang paghahalaman ay ang mga sumusunod:

1. nagbibigay din ito ng bitamina at mineral sa katawan
2. maaaring mapagkakitaan o maging kabuhayan;
3. nagpapaganda sa kapaligiran;
4. nakatutulong sa pagsugpo sa polusyon;
5. nagbibigay aliw at nagsisilbing pantanggal ng stress at suliranin; at
6. maaaring maging programa ng pamahalaan para sa ekonomiya.


Ang mga tinukoy o sinabi ninyong kabutihang dulot ng paghahalaman ay ang mahahalagang impormasyon sa sanaysay o (mahahalagang pangyayari kung sa kuwento) tungkol sa binasa.

Ang mahahalagang impormasyon, o pangyayari ay nagsisilbing sumusuportang detalye sa paksa o sentrong pinag-uusapan sa isang akda na maaaring nabasa, napakinggan o napanood.

Gaya ng paksa, mahalagang matutuhan ang pagtukoy sa mahahalagang detalye, impormasyon, o pangyayari dahil ito ang mga patunay, paliwanag, paglalarawan, at iba pang kaugnay na kailangan upang maunawaan ang isang akdang binasa, pinakinggan, o pinanood.



**A**yan, natitiyak kong naunawaan mo na kung paano matutukoy o masasabi ang paksa at mahahalagang detalye / pangyayari tungkol sa binasa. Kaya naman alam kong handa ka na rin sa mga pagsasanay na kasunod nito. Tara na!



## Pagyamanin

**Panuto:** Basahin at unawain ang teksto 1-3 at sagutin ang mga susunod na mga tanong. Isulat ang mga sagot sa iyong sagutang papel.

### TEKSTO 1

#### Ang Mag-ina sa Pagtatanim

*Sariling katha ni Gemma B. Obsiana*



**Nanay Susan:** Genie anak, puwede mo ba akong tulungan sa pagtatanim?

**Genie:** Sige po nanay. Masayang gawain naman po ang pagtatanim. May aanihin pa tayo.

**Nanay Susan:** Oo anak, makatutulong pa sa ating pang-araw -araw na pangangailangan lalo na't mga gulay ang itatanim natin ngayon.

**Genie:** Wow! Sige nanay, tara na sa bakuran natin. Anu-ano po ang itatanim natin ngayon nanay?

**Nanay Susan:** May talbos ng kamote at alogbate tayo at ililipat na natin ang mga pinatubo kong buto ng petsay at okra.

**Genie:** Naku! Marami pala. Tiyak magiging luntian ang bakuran natin. Sige po nanay. Ako na po ang magtatanim ng talbos ng kamote at alogbate. Kayang-kaya ko na po iyan.

**Nanay Susan:** Maraming salamat anak. Maaasahan ka talaga. Ililipat ko naman ang mga petsay at okra natin. Pagkatapos nating magtanim ay mag-iisnak tayo.

**Genie:** Yehey! Maraming salamat po nanay. Alam na alam mo po talaga ang gusto ko.

**Nanay Susan:** Syempre naman. Anak yata kita.

At masayang nagpatuloy sa pagtatanim ang mag-ina.

## TEKSTO 2

### **Face Mask, Face Shield Ordinance, Amyedahan**

*ni Noe B. Bebita*

Ipinapanukala ng mga miyembro ng Sangguniang Bayan na amyendahan ang *Face Mask, Face Shield Ordinance* o bigyan ng kaukulang multa ang mga *tricycle drivers* at mga pasahero na hindi tumutupad o sumusunod sa pagsuot ng *face mask* at *face shield*.

Sa panayam kay SB member Ramil Bolina, Chairman ng *Committee on Transportation and Public Utilities* sinabi nitong sa kabila ng kautusang mula sa Department of Transportation (DOTr) ukol sa *No Face Mask and No Face Shield, No Ride Policy* sa mga pampublikong sasakyan, marami pa rin ang lumalabag o hindi sumusunod sa pagsuot ng *face mask* at *face shield*.

Ayon pa kay Bolina ang hindi pagsunod sa kautusan ng DOTr ang dahilan upang ipatupad ng Sangguniang Bayan ang pagpapamulta sa mga *tricycle drivers* at mga pasahero na mahuhuling hindi nagsusuot ng *Face Mask* at *Face shield*.

Dagdag pa niya na pinag-aaralan ng konseho ang mga multa na ipatutupad at ang pagbibigay ng hiwalay na multa sa mga *tricycle drivers* at pasahero na lumabag sa ordinansa.

Naniniwala din si Bolina na malaki ang posibilidad na maiwasan ang pagkalat ng virus kung magsusuot ng *face mask* at *face shield* ang mga pasahero na sumasakay sa mga pampublikong sasakyan.

## TEKSTO 3

### **Abala sa Pagtutulungan**

*Sariling katha ni Noe B. Bebita*

Abala ang lahat sa pagtutulungan. Tulong-tulong ang mga guro at mga mag-aaral sa lahat ng antas ng Paaralang Elementarya ng Councilor Nicolas Dais na pinapasukan ni Rhayannah at ng mga kaibigan niya sa pagsasaayos at paglilinis ng paaralan. May darating daw kasing tagapangasiwa ng rehiyon upang magsagawa ng mga pagsusuri at survey kaugnay ng pagtuturo alinsunod sa K to12. Bukod dito, titingnan din nila ang buong paligid ng paaralan kung ito ba ay maayos at malinis, at kung ito ay may kaaya-ayang paligid at mga silid-aralan na makadaragdag ng motibasyon sa mga bata upang mag-aral nang mabuti. Kaya

maging ang namumuno sa Samahan ng mga Magulang ay maagang nagkaroon ng Brigada Eskwela.

Brigada Eskwela ang tawag sa taunang paglilinis at paghahanda ng mga guro, magulang, at iba pang kasapi ng pamayanan upang ihanda ang paaralan sa darating na pasukan. Naglilinis ng paligid ang lahat at isinasaayos ang sira at lumang mga upuan, nagpipintura ng mga silid-aralan, nag-aayos ng silid-aklatan, at iba pa. Tinitiyak na magiging ligtas ang buong paaralan sa anumang banta ng pagkakasakit ng mga mag-aaral dahil sa maruming paligid.

Sadyang mapagtimpi at matiisin sa lahat ng bagay ang mga Pilipino. Kaya nga di-alintana ng mga mag-aaral, magulang, at mga guro ang hirap at pagod sa kanilang pagbibrigada. Lahat ng pagod at hirap na kanilang dinanas ay tinatanggap nila bilang kaligayahang hatid ng kanilang pagtulong at pagkakaisa.

**Panuto:** Sagutin ang sumusunod na tanong. Isagawa ito sa iyong sagutang papel.

<b>Teksto</b>	<b>Ano ang paksa sa bawat tekstong binasa?</b>	<b>Ano ang mahahalagang impormasyon o detalye o pangyayari sa bawat tekstong binasa?</b>
<b>Teksto 1</b>		
<b>Teksto 2</b>		
<b>Teksto 3</b>		



### **Isaisip**

**Panuto:** Kompletuhin ang pahayag upang mabuo ang paglalahad mo ng iyong natutuhan sa aralin. Gawin ito sa iyong sagutang papel.


1. Ang paksa ay \_\_\_\_\_. Matutukoy o masasabi ang paksa sa isang akdang binasa, pinakinggan, o pinanood sa pamamagitan ng \_\_\_\_\_.
2. Ang mahahalagang pangyayari o detalye o impormasyon ay \_\_\_\_\_. Mahalagang natutuhan ang pagtukoy at pagsabi nito sa binasa, pinakinggan at pinanood dahil \_\_\_\_\_.



Paksa: \_\_\_\_\_

Mahahalagang Detalye:

1. \_\_\_\_\_
2. \_\_\_\_\_
3. \_\_\_\_\_
4. \_\_\_\_\_
5. \_\_\_\_\_



## Karagdagang Gawain

**Panuto:** Bumuo ng usapan ayon sa ipinakikita sa larawan. Tukuyin o sabihin ang paksa at mahahalagang detalye sa binuong usapan.



Ang larawan na ito ay iginuhit ni Vincent Lausa



**B**inabati kita kaibigan, sapagkat natapos at napagtagumpayan mo ang mga gawain sa modyul na ito. Nakatitiyak akong magagamit mo ang iyong napag-aralan sa pang araw – araw na pamumuhay. Muli tayong magkita sa **Modyul 9: Aspekto at Pokus ng Pandiwa.**

Sa muli, ito ang iyong kaibigang si Kokoy.  
Paalam!





## Susi sa Pagwawasto

**Tuklasin**

1. Ang paksa ay ang paghahalaman bilang sining ng pag-aayos at pagtatanim ng halaman.
2. Isang sining ng pag-aayos at pagtatanim ng halaman ang paghahalaman sapagkat ginagamit mo ang iyong kaalaman sa sining para mapaganda at maayos mo ang iyong mga pananim.
3. Ang kabutihang dulot ng paghahalaman ay nagpapaganda sa kapaligiran, sumusunop sa polusyon, nakatanggal ng stress at problema, nakatutulong sa kabuhayan at ekonomiya ng bansa.
4. Nakatutulong sa kabuhayan ang paghahalaman sapagkat nagbibigay ito ng mapagkakakitaan kaya nakadaragdag sa kita ng mag-anak gayundin nakatutulong ito para umunlad ang ekonomiya ng bansa.
5. Opo, sang-ayon po ako sapagkat kung marunong kang magtanim ikaw ay may aanihin. Makadaragdag ng kita sa pamilya ang pagtatanim o kaya'y magsisilbing hanapbuhay rin ng pamilya. Sama-sama pa ang mag-anak kaya parang bonding na rin at eheerisyo.

**Balikan**

1. Ang paksa ay tungkol sa pagkakaroon ni Michael ng mga bagong kaibigan.
2. Nangyari ang kuwento sa bahay nina Aling Soning kung saan, masayang nagkukuwentuhan sina Bert at ang Aling Soning. Kaniyang mga pinsan habang nagluto si Aling Soning.
3. Ang mga tauhan ay ang sumusunod:  
- Aling Soning: Mataalik na kaibigan ni Sandra.  
- Michael: Masunuring anak at palakaibigan.  
- Bert: mahilig makipagkuwentuhan anak ni Aling Soning.  
- Lily at Bert: Mahilig makipagkuwentuhan mga pinsan ni Bert.  
- Sandra- Maalalahaning kaibigan ni Aling Soning.
4. Tuwang-tuwa si Aling Soning at malaki ang kaniyang pasasalamat sa kaniyang kaibigan.
5. Masaya si Michael sa pagkakaroon ng mga bagong kaibigan.

**Subukin**

1. Ang paksa ay tungkol sa banta ng COVID-19.
2. Ang mga sintomas ay nahihirapan sa paghinga, pagkakaroon ng lagat, pamamaga ng lalamunan, pag-ubo, at pananakit ng katawan.
3. Mapangangalagaan ang sarili at ang komunidad sa pamamagitan ng paghuhugas ng kamay nang madalas gamit ang sabon at tubig, pagsuot ng facemask at pagtakip sa bibig kapag umuubo o bumabahing, at pagpapanatili ng social distancing.
4. Mahalaga ang pagsunod sa mga tagubilin para maiwasan ang paglaganap ng sakit.
5. Ang iba pang paraan para maiwasan ang COVID-19 ay ang sumusunod:  
-Manatili lamang sa bahay hangat maari.  
-Iwasan ang matagal na pakikipagkuwentuhan.  
-Magdala ng sariling bolpen kapag may kailanganang isulat.  
-Mag *disinfect* palagi lalo na pagkagaling sa labas.

Sa gawain sa **Pagymanin, Isaisip, Isagawa, Tayahin, at Karagdagang Gawain**, inasahang buuo ang guro ng rubrik na magiging pamantayan sa pagmamarka sa sariling sagot ng mag-aaral.

## ***Sanggunian***

*Most Essential Learning Competencies 2020* p. 222  
Mga Sariling Katha

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)